# "Ang ating Kahapon"

*Kay Minang.*

Sakaling ikaw ma'y kusa nang lumimot
sa mga sumpaan ng ating pag-irog,
di ko daramdamin,
sapagka't sa aki'y
bawa't nasain mo'y inaaring lugód,
dusa ma'y galak di't ikaw ang may handóg.

Hindi sa pita kong ikaw'y mabagabag
kung kayâ umawit ngayon ang panulat,
hindi, oo, hindi;
at liban sa mithi
ng ulilang pusong saglit na mangarap
sa mga talata ng ating lumipas.

Upang sa nalantang dahon ng pag-sinta'y
marahang basahin ang mga ligaya
ng ating panahon
at ating kahapon;
noong di miminsang ang pinagtali tang
puso'y sumalangit ng tuwa't pag-asa.

Nábabakás ko pa halos sa gunitâ
ang mga sandaling ipinagsinayà
natin sa paglasáp
ng suyuang tapát;
at anakin pa ri'y narito't sariwà
sa noo ko't bibig, ang halik mo't sumpâ,

At mandi'y sa piling ng iyong kandunga'y
payapà pa akóng ngayo'y nahihimlay,
at dinig ko pa rin
wari ang malambing
na laging bigkas mong: "tanging ikaw lamang
ang kasi't buhay ko hangang sa libingan."

Paris din ng aking palaging taguri
na "si Minang namán ang twa't lualhati
ng aking pag-irog
hangang huling tibok;"
sakâ kasabay rin namáng idarampi
sa pisngi mong garing yaríng mga labi.

Sa sandaling yaon puso ta'y hihilig
sa dúyan ng galák ni Diyos Pag-ibig,
sabáy aawitin
ang kahilihiling
piping alingawngaw ng hiwagang tinig
ng ating tagumpay. ¡Kay lambing, kay tamis! . . . .

¡Sisimoy ang hangin, bubúkad sa tangkay
ang mga bulaklak, sisikat ang buwan
saka pamamalas
namán ang liwanag
ng pag-uumagang tagapagpatunay
na: ¡sa langit nati'y ngiti na ang araw!.

Anopa't lahat na'y nagsisipagdulot
sa alaála ko ng tuwáng natapos,
at siyang sa aking
hibik ay palaging
kumukutyâkutyâ; pagkat ikaw, irog,
ay nakalimot na't tikis nagmaramót.

Napálayo ka na't ayaw nang duminig
sa paós na taghoy ng nilisang ibig,
sinarili mo na
ang tuwa't ligaya;
N'uni't tantuin mong inapi man kahit
ako sa pagsinta'y ikaw rin ang langit.

Hindi ka rin taksil na ipalalagay
ng aking sarili, tinalikdan mo mán
ang sumpaan natin
sa mga pag-giliw;
at liban sa taos na panghihinayang
sa luhà mong di ko asang biro lamang.

Kayâ lubusín na ang pamamayapa't
bayaan na yaring unang nagkapalâ,
at gayon din ngayon
ako'y hihinahon,
at ang aariing lúnas sa dalita'y
ang sangla ng ating sintang nagsinaya.

At ito na lamang ang hangang márool
akó sa libinga't amís na kabaong
ay yaman ng pusong
itatago tago;
at sa iyo nama'y ang wakás kong samo'y
puklin ng malay mo ANG ATING KAHAPON....

TALIBUGSO.

Gagalangin, Maynila.

# Kasiglahán

## NG MGA BINIBINI SA PASIG.

Niyong ika 22 ng kasalukuyan at sa bahay ni Gining Paz Asunción, ay nagdaos ng isang masayang pagpapanayam ang madlang binibini sa bayang ito upang magtatag ng isang Samahang kadalagahan ng paghahanap buhay.

Doo'y napanood ang mga sumusunod: Binibining Angeles del Rosario, kawani sa Fiscalía Provincial sa Rizal; Bb. Florencia Asunción, Mercedes Alcaráz, Caridad Santos at Rosa Musni, mga gurong walang pagod sa paaralang bayan sa Pasig. May-roon ding nangagsisipagaral sa Rizal High School, at sila'y ang mga Bb. Paz Asunción at Blanca Lara, at ang Bb. Simeona Gómez na kapagbibitiw pa lamang sa tungkuling pagka guro; gayon din ang